



Speak-up

GABAY SA PAGTAGUYOD

LUMULUTAS SA PANG-ARAW-ARAW NA MGA ISYU AT NAGIGING SARILI MONG PINAKAMAGALING NA TAGAPAGTAGUYOD



Hindi maka-access ng NDIS?

Nakapag-aplay ka na ba sa NDIS at nakatangap ka na ba ng liham na nagsasabing ikaw ay hindi marapat maka-access?

Upang ma-access ang NDIS, ikaw ay dapat:

- nasa pagitan ng mga edad na 7 at 65, at
- naninirahan sa Australya at may pagkamamamayan o residente ng Australya, at
- nangangailangan ng suporta dahil sa isang permanente at malaking kapansanan.

Kung sa palagay mo ay mali ang desisyon ng NDIS, may mga bagay kang magagawa:

- Hilingin sa NDIS na tingnan muli ang desisyon. Makakapagbigay ka ng bagong impormasyon o ebidensya, o makakahiling ng pagrepaso ng desisyon (sa loob ng 3 buwan).
- Mag-aplay na muli – magsumite ng bagong hiling sa pag-access (makaraan ang 3 buwan).

UNANG HAKBANG: Tingnan kung anong impormasyon ang iyong ibinigay tungkol sa iyong kapansanan

Kadalasan, ang mga tao ay hindi nagtatagumpay sa kanilang aplikasyon sa NDIS dahil hindi sila nakapagbigay ng sapat na impormasyon tungkol sa kanilang kapansanan at kung paano naapektuhan nito ang kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pag-isipan kung paano naapektuhan ng iyong kapansanan ang sumusunod na mga bagay sa iyong pang-araw-araw na buhay at kung anong tulong ang kailangan mo. Nagbigay ka ba ng sapat na impormasyon at ebidensya sa NDIS tungkol sa iyong kinakailangang suporta sa bawat bagay?

Kakayahang kumilos - paano ka kumikilos sa loob ng iyong tahanan o sa komunidad

Komunikasyon – nauunawaan ka sa pasalita, pasulat o pasenyas na wika, nauunawaan mo ang iba at nakakapagsabi ka ng mga kinakailangan

Mga pakikisalamuha sa iba - pagkakaroon at pagpapanatili ng mga kaibigan, pakikisalamuha sa komunidad, pagkaya ng mga nadarama at mga emosyon

Pagkatuto - nauunawaan at natatandaan ang impormasyon, natututo ng mga bagong bagay, nagpapraktis at gumagamit ng mga bagong kasanayan

Pangangalaga sa sarili – paliligo, pagbibihis, pagkain, pagpunta sa toilet, pangangalaga sa sariling kalusugan

Sariling-Pamamahala– paggawa ng pang-araw-araw na gawain, paggawa ng mga desisyon, at pamamahala ng mga problema at salapi

GAWIN ITO NANG ISA-ISA

1. TINGNAN KUNG ANONG IMPORMASYON ANG IBINIGAY MO TUNGKOL SA IYONG KAPANSANAN.

2. MAKIPAG-USAP SA ISANG TAO NA MAKATUTULONG NA KAAGAPAY MO UPANG TULUNGAN KANG MAGSUMITE NG BAGO O MAS MADETALYENG IMPORMASYON SA NDIS. ANG IYONG TAGAPAGTAGUYOD AY MAKATUTULONG.



- Pag-isipan ang lahat ng iyong mga kinakailangan. Kung ikaw ay nakatanggap na ng ilang suporta, sapat ba ito, o kailangan mo ba ng tulong sa ibang bagay?
- Pag-isipan ang mga epekto kung hindi ka makakakuha ng suporta. Halimbawa, kung walang tulong sa pakikipagkomunikasyon, ikaw ba ay makakapamilya, makapasok sa trabaho, makakasakay sa transportasyon o makakapunta sa mga sosyalang aktibidad?
- Pag-isipan kung anong tulong ang kailangan mo sa mga pinakamasamang araw mo, pati na sa iyong mga pinakamabuting araw.

IKALAWANG HAKBANG: Makipag-usap sa isang tao na makakatulong na kaagapay mo upang tulungan kang magsumite ng bago o mas madetalyeng impormasyon sa NDIS. Ang iyong tagapagtaguyod ay makatutulong.

- Tingnan mong muli at ng iyong GP ang impormasyon sa iyong orihinal na hiling sa pag-access (aplikasyon). Ang mga buklet na ito ay makakatulong sa iyo at sa iyong GP na magtala ng impormasyong kailangan mo:
 - Buklet ng NDIS sa Impormasyon ng Pasyente
 - NDIS na Toolkit para sa General Practice
 - www.qdn.org.au (Aming mga Mapagkukunan)
- Makipag-usap sa isang tagapagtaguyod o sa iyong network ng suporta, o sa iba pang serbisyo na maaaring makatulong:
 - Ang mga serbisyong tagapagtaguyod na pinondohan sa Queensland ay makakapagbigay ng hanay ng mga suportang pantaguyod, kabilang ang para sa mga tao na papasok sa NDIS. Bumisita sa www.qld.gov.au/disability/legal-and-rights/advocacy para sa listahan ng mga organisasyon.
 - Ang Queenslanders with Disability Network ay tumutulong sa mga tao na may kapansanan na ma-access ang NDIS. Kontakin ang QDN sa **1300 363 783**. Email targetedoutreach@qdn.org.au. Website www.qdn.org.au
 - Ang Assessment and Referral Team (ART) ng Pamahalaan ng Queensland, ay tumutulong sa mga tao sa proseso ng pag-aplay sa NDIS. Kontakin ang ART sa **1800 569 040**. Email ARTenquiries@communities.qld.gov.au. Website: www.qld.gov.au/disabilityoutreach



- Makipag-usap sa mga organisasyong pangkapansanan at mga grupong pangsuporta para sa payo tungkol sa mga klase ng impormasyon na maaaring sumuporta sa iyong hiling sa pag-access.
- Tiyaking magtabi ka ng mga kopya ng lahat ng impormasyong ibibigay mo sa NDIS. Maglista ng anumang ginawa mong mga pagtawag sa NDIS. Kung hindi Ingles ang iyong unang wika, humiling sa NDIS ng isang kwalipikadong interpreter upang tulungan ka sa anumang pakikipag-usap mo sa kanila.
- Ang partikular na impormasyon tungkol sa **pagbibigay ng ebidensya ng iyong kapansanan** at kung paano ang paghiling ng isang **Internal Review (Panloob na Pagrepasso)** ng desisyon ay makukuha sa website ng NDIS www.ndis.gov.au

Karagdagang Aksyon

Kung may mga isyu sa anumang yugto sa proseso ng pagrerepasso ng desisyon sa iyong pag-access, maaari kang magharap ng reklamo sa NDIS sa feedback@ndis.gov.au

Kung ang pag-access mo sa NDIS ay tinanggihan pa rin, at sa iyong palagay ay mali ito, ang **Administrative Appeals Tribunal** ay maaaring magrepasso ng desisyon na ginawa ng NDIS.

Mayroong mga pantaguyod na organisasyon na makakatulong sa iyo sa suporta sa mga Apela sa NDIS. Bumisita sa <https://disabilityadvocacyfinder.dss.gov.au/disability/ndap/> upang humanap ng isang organisasyon na malapit sa iyo.

Maaari ka ring makipag-ugnay sa Legal Aid Queensland para sa tulong sa mga apela sa NDIS. Tumelepono sa **1300 65 11 88**. Website www.legalaid.qld.gov.au

www.adaaustralia.com.au/speak-up



ANG GABAY NA ITO AY
PINONDOHAN NG KAGAWARAN
NG MGA SERBISYONG PANLIPUNAN
(DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES)
NG PAMAHALAAN NG AUSTRALYA.
PUMUNTA SA WWW.DSS.GOV.AU
FOR PARA SA KARAGDAGANG
IMPORMASYON.

KINIKILALA NG ADA AUSTRALIA
ANG MGA TRADISYONAL NA
TAGAPAG-INGAT NG LUPAING ITO
AY NAG-UUKOL NG PAGGALANG
SA MGA ELDER (NAKATATANDA),
SA NAKARAAN
AT SA KASALUKUYAN.



KONTAKIN ANG ADA AUSTRALIA

Libreng tawag: **1800 818 338**
(07) 3637 6000

www.adaaustralia.com.au
info@adaaustralia.com.au



Interpreter Tel: **131 450**